MUNICIPALITY OF BALIWAG
00000168

Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN
LALAWIGAN NG BULACAN

Kautusang Tagapagpaganap Blg. 9

PAGBUO NG KOMITE NA MAGSUSULONG SA PAGIGING SIYUDAD NG BAYAN NG BALIWAG

ALINSUNOD, Seksiyon 449 ng Republic Act No. 7160, o mas kilala bilang *Local Government Code of 1991*, kung saan isinasaad na ang paglikha ng isang siyudad ay sa pamamagitan ng isang isang panukalang batas mula sa Kongreso;

SAPAGKAT, nais ng Bayan ng Baliwag, Bulacan, kasama ang mga nanunungkulan dito na maging Siyudad ang Bayan ng Baliwag, Bulacan.

NGAYON NGA'Y, AKO, FERDINAND V. ESTRELLA, Punong Bayan ng Bayan ng Baliwag, Bulacan, sa pamamagitan ng kabutihan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay ipinag-uutos ang pagbuo ng Komite na Magsusulong sa Pagiging Siyudad ng Bayan ng Baliwag (*Baliwag Cityhood Committee*) na panunungkulan ng mga sumusunod:

Tagapangulo: Tanggapan ng Punong Bayan

Kapwa-Tangapangulo: Tanggapan ng Pambayang Tagapangasiwa

Mga Kasapi:

Municipal Budget Office

Municipal Planning and Development Coordinator

Municipal Engineer Office

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG

Dapat Serbisyong may Malasakit

Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN
LALAWIGAN NG BULACAN

Municipal Civil Registrar

Municipal Information Office

Ang Komiteng ito ang mangangasiwa sa (1) pagkalap at paglahad ng mga datos na magpapatibay sa kakayahan ng Baliwag upang maging Siyudad; (2) pagbalangkas ng mga kakailanganing papeles upang mai-sumite sa Kongreso; at (3) paglalakad sa Kongreso upang tuluyan nang maisabatas ang pagiging Siyudad ng Baliwag.

GINAWA sa Bayan ng Baliwag, Bulacan, ngayong ika-pito ng Hulyo, sa taon ng ating Panginoon, dalawang libo't labing anim.

FERDINAND V. ESTRELLA
Municipal Mayor

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG

Dapat Serbisyong may Malasakit